

MGA KABABAIHANG WALANG STATUS SA KANADA: FACT SHEET

Mga dahilan kung bakit may mga taong walang status sa Kanada

- Maraming taong pumapasok sa Kanada na may “temporary permit”. La[ag kanilang nalampasan ang takdang panahon ng permit, sila ay nawawalan ng status. May mga taong narito sa Kanada ng walang status nang 10 o 20 taon, o higit pa. Ang iba naman ay narito na mula pa sa pagkabata at hindi na halos kilala ang kanilang bansang pinanggalingan kung saan sila’y maaring ma-deport, o mapabalik.
- Maraming taong nagsasagawa ng *refugee claim* na pagkatapos hindi ipagkaloob ay pinipiling manatili dito ng illegal, kaysa bumalik at harapin ang walang katiyakang kinabukasan, o kamatayan.
- Maraming kababaihan ang pumapasok sa Kanada ng legal (inisponsor o kinuha ng employer, o amo, asawa o miyembro ng pamilya), na pagkatapos ay dumaranas ng pang-aabuso mula sa kanilang sponsor. Kung sila ay makatakas bago naging permanent resident, sila ay maaaring mawalan ng status.

Estatistiks o Bilang ng mga taong walang status sa Kanada

- Ang mga taong walang legal na status ay napipilitang mabuhay ng patago o maghanapbuhay ng palihim upang hindi mahalata ng mga kinauukulan o awtoridad at matapos ay mapauwi. Ito ang dahilan kung kaya hindi makapagbigay ng tamang bilang o estatistik. Ipinapalagay na ang bilang ay mula 20,000 hanggang 200,000 katao, ngunit marami ang naniniwalang ang bilang ay higit pa rito.

Estatistiks Ukol sa Karahasan sa Mga Kababaihan sa Kanada

(Ang kabilang sa estatistiks ay mga kababaihang legal ang status sa Kanada lamang. Walang estatistiks ukol sa karahasan sa mga kababaihang walang status, kahit na sila ang may particular na panganib na makaranas ng karahasang bunga ng mga dahilang nakasulat rito.)**

- Kalahati sa mga kababaihang Kanadyan ang nakaranas ng hindi bababa sa 1 pangyayaring karahasang pisikal o sekswal, mula nung sila’y 16 na taong gulang
- Halos kalahati (45%) ay dumanas ng karahasan sa kamay ng kalalakihang kilala nila
- 1 sa 4 na mga kababaihang Kanadyan ay nakaranas ng pisikal o sekswal na karahasan sa kamay ng kanilang asawa
- 63% ng mga kababaihan na sinaktan ng kasalukuyan o dating kapareha o asawa ay nabiktima ng higit sa isang beses
- Isang katlo sa mga kababaihang sinaktan ng kapareha ay nakaramdam na nanganib ang buhay nila habang sila’y nasa relasyong may abuso
- Ang mga kababaihang hiwalay sa kanilang mga asawa ay higit na nanganganib sa ‘intimate femicide’ o pagkamatay sa kamay ng kapareha
- Dalampu’t limang porsiyento ng mga kababaihan na pumasok sa *shelter* noong 1995 ay nagkaroon ng kapinsalaang kinailangang gamutin, at 3% ay kinailangang ipa-ospital. (Bunge and Levett, 1998, 19)
- Apatnapu’t dalawang porsiyento ng mga kababaihan na mayroong disabilities ay nanggaling o kasalukuyang nasa relasyong may abuso. (DisAbled Women’s Network 1989)
- Walo sa sampung katutubong kababaihan sa Ontario ay iniulat na nakaranas ng pagmamalupit. (Ontario Native Women’s Association 1989, 7)

Karamihan sa mga estatistik ay kinuha sa *website*:
<http://www.cafv.inet2000.com/handouts/vaw/ViolenceAgainstWomeninCanada.htm>

Mga Hadlang na hinaharap ng mga kababaihan at kabataang walang status sa Kanada

- Limitado ang access sa edukasyon (hal., ESL at edukasyong pampubliko)
- Limitado/hindi sapat na pangangalagang pangkalusugan
- Limitado/hindi ayos na tirahan
- Limitadong paggamit sa mga serbisyo
- Pagtatangi laban sa iba/Diskriminasyon
- May kinikilingan/prejudice
- Diskriminasyong panlahi/Rasismo
- Diskriminasyong pangkasarian/Sexism
- Pang-aabuso (pisikal, seskwat, emosyonal)
- Mga Hadlang pangwika o pananalita
- Kawalan ng hanapbuhay o trabaho/Mas mababang trabaho/underemployment
- Pagsasamantala ng mga employers
- Takot na mapauwi o ma-deport
- Paghihiwalay o Pagbubukod/Isolation
- Takot sa paggamit ng mga serbisyo sa 911

Bakit ang mga kababaihang walang status ay nasa sa higit na panganib ng karahasan o pananakit?

Ang mga kababaihang walang status ay humaharap sa iba't ibang uri ng pagmamalupit dahil sila ay babae, katulad rin ng ibang kababaihan, ngunit nasa higit na panganib dahil sa maselang katayuan nila:

- Limitado ang access nila sa impormasyon, counselling, at iba pang mga serbisyong panlipunan, kung mayroon man.
- Hindi sila makatawag sa pulis kahit na may emergency, nang hindi malalagay ang sarili sa panganib na ma-deport, sa dahilang ang pulis ay may awtoridad na umaresto at manghuli para sa imigrasyon.
- Kung ang kaniyang asawa/kapareha ay makasuhan ng pananakit, ito'y maaaring magkaron ng hindi magandang kahihinatnan para sa kanya.
- Hindi sila makakuha ng mga serbisyong pangmediko.

Ano ang kinakailangang mangyari?

- Regularisasyon o paglalagay sa ayos ng mga taong walang status sa Kanada
- Walang tanong tanong tungkol sa status o pagsusumbong sa Imigrasyon Kanada ng mga pulis, at iba pang nagkakaloob ng serbisyo. Ang 'Don't Ask, Don't Tell' o 'Walang Tanungan, Walang Sabihan' na patakaran ay magbibigay ng pagkakataon na ipagkaloob ang mga serbisyong panglungsod sa lahat ng mga naninirahan rito, nang walang diskriminasyon batay sa status sa imigrasyon.
- Baguhin ang mga batas ng imigrasyon upang maprotektahan ang mga kababaihang imigrante laban sa mapang-abusong mga sponsor o employer.

Mga pangangampanyang nagbibigay suporta sa mga taong walang status

Ang **STATUS** ay isang malawak na kapisanan ng mga indibidwal at mga organisasyong nagtataguyod para sa pagsasaayos ng status ng mga immigranteng walang status na naninirahan sa Kanada. *E-mail* status@ocasi.org o tumawag sa 416-322-4950 x 239.

Ang "**Don't Ask, Don't Tell**" na kampanya ay isinaayos ng isang pangkat ng mga iba't-ibang kapisan sa GTA o Pangmalawakang Lugar ng Toronto. Ito ay pormal na inilunsad ng *No One Is Illegal Toronto* noong Marso 2004. *E-mail* info@dadtontoronto.org

Ang Fact Sheet na ito ay isinagawa ng **Rights of Non-Status Women Network** o **Samahan para sa Karapatan ng Mga Kababaihang Walang Status**. Ang Rights of Non-Status Women Network ay isinaayos ng mga ahensiya at mga miyembro ng komunidad sa Toronto. Kami ay napagatasang harapin at gawan ng paraan ang mga hadlang sa serbisyo at resources para sa mga kababaihang walang status, na dumadanas ng karahasan dahil sa kanilang kasarian o pagkababae, sa pamamagitan ng pamamahala ng edukasyong pampubliko at pangangampanya tungo sa pagbabago ng sistema.

Para sa karagdagang impormasyon o kung nais makisali, lapitan si: Andrea Gunraj, Tagapamahala ng Pagsasagawa sa METRAC (416-392-3135; outreach@metrac.org) o ang Woman Abuse Council of Toronto (416-944-9242); wact@womanabuse.ca.

**Kung ikaw ay isang babaeng nasa panganib o may kilalang pinagmamalupitan o sinasaktan, lumapit sa
Assaulted Women's Helpline sa 1-866-863-0511
o 1-866-863-7868 (TTY)**